Isang bagong sistema ng mga karapatang pantao sa Ontario

Ang bagong sistema ng mga karapatang pantao (human rights) ng Ontario ay nagsimula noong Hunyo 30, 2008. Sa ilalim ng bagong *Human Rights Code*, ang isang taong nakaranas ng diskriminasyon ay maaring mag-file ng isang aplikasyon ng diretso sa Human Rights Tribunal ng Ontario. Simula noong Hunyo 30, 2008, ang lahat ng mga bagong aplikasyon sa mga karapatang pantao ay dapat na i-file sa Tribunal, at hindi sa Ontario Human Rights Commission. Ang bagong sentro ng tulong na panglegal (legal support centre) ay nagbibigay ng tulong na nauukol sa batas sa mga taong nakaranas ng diskriminasyon sa ilalim ng *Code*.

Ang Sentro ng Tulong na Panglegal Ukol sa mga Karapatang Pantao (Human Rights Legal Support Centre)

Ang Human Rights Legal Support Centre ay nagbibigay ng tulong na panglegal sa mga tao sa mga komunidad sa Ontario na nakaranas ng diskriminasyon laban sa *Human Rights Code ng Ontario*, at maaring nagnanais na mag-file ng isang aplikasyon sa Human Rights Tribunal ng Ontario.

Paano ako makakakuha ng tulong mula sa Human Rights Legal Support Centre?

Makipag-ugnay sa Legal Centre kung nakaranas ka ng diskriminasyon at kinakailangan mo ng tulong na panglegal sa pagpa-file ng isang aplikasyon sa Human Rights Tribunal ng Ontario o ng payo na panglegal para sa paglutas ng isang bagay na nauukol sa diskriminasyon sa ilalim ng Human Rights Code.

Human Rights Legal Support Centre
400 University Avenue, 7th Floor
Toronto, Ontario M7A 1X8
Telepono: (416) 314-6266
Libreng Tawag: 1-866—625-5179
TTY: (416) 314-6651
TTY Libreng Tawag: 1-866 612-8627
www.hrlsc.on.ca

Kung nais mong makipag-ayos ng isang pagtitipan para sa personal na pakikipanayam, kailangan mo kaming kontakin sa pamamagitan ng telepono sa mga numero na nasa itaas. Kung ikaw ay nakatira sa labas ng Greater Toronto Area, makipag-ugnay sa amin sa telepono o email at mapag-uusapan natin kung paano namin masasalubong ang iyong mga pangangailangan. Gagawin namin ang lahat ng aming makakaya para mabigyan ka ng nararapat na serbisyo sa iyong komunidad. Maari kaming magbigay ng serbisyo sa mahigit na 140 na lengguwahe.

Ang Komisyon para sa mga Karapatang Pantao ng Ontario (Ontario Human Rights Commission)

Ang Ontario Human Rights Commission ay nagtatrabaho para itaguyod, pangalagaan at isulong ang mga karapatang pantao. Ang pangunahing pokus nito ay ang pag-aadres ng mga sanhi ng ng diskriminasyon. Makipag-ugnay sa Komisyon kung nais mong makakuha ng pangkalahatang impormasyon ukol sa mga karapatang pantao sa Ontario o kung nais mong makipagtulungan sa kanila sa pag-abot (outreach) at pagtuturo ng tungkol sa diskriminasyon

Paano kung mayroon na akong isang reklamo ukol sa karapatang pantao sa Komisyon?

Kung nag-file ka ng isang reklamo bago mag Hunyo 30, 2008, tumawag ka sa Komisyon ukol sa iyong reklamo.

Ontario Human Rights Commission
180 Dundas Street W., 7th Floor
Toronto, ON M7A 2R9
Lokal: (416) 326-9511
Libreng Tawag: (1-800-387-9080
TTY (Lokal): (416) 314-6526
TTY (Libreng Tawag): 1-800-308-5561
www.ohrc.on.ca

Ang Hukuman para sa mga Karapatang Pantao ng Ontario (Human Rights Tribunal of Ontario)

Ang Human Rights Tribunal ng Ontario ang namamahala sa lahat ng mga paghahabol na nauukol sa diskriminasyon na naka-file sa ilalim Ontario *Human Rights Code*. Ang Tribunal ang nagpapasya sa mga aplikasyon sa pamamagitan ng pag-aayos upang magkasundo o adjudication. Makipag-ugnay sa Tribunal para sa:

- Pormularyo ng aplikasyon para gumawa ng paghahabol ukol sa diskriminasyon
- Gabay sa pagkukumpleto ng pormularyo ng Aplikasyon ukol sa iyong karanasan sa diskriminasyon
- Impormasyon ukol sa proseso ng pagdadala ng Aplikasyon tungkol sa tinanggap na diskriminatoryong pagtatrato
- Impormasyon ukol sa isang Aplikasyon na ginawa mo sa Tribunal tungkol sa diskriminasyon.

Human Rights Tribunal of Ontario
655 Bay Street, 14th floor
Toronto, ON M7A 2A3
Lokal: (416) 326-1312
Libreng Tawag: 1-866-598-0322
TTY (Lokal): (416) 326-2027
TTY (Libreng Tawag): 1-866-607-1240
Fax: (416) 326-2199
Fax (Libreng Tawag): 1-866-355-6099
www.hrto.ca

Alituntunin ng mga Karapatang Pantao ng Ontario (Ontario's *Human Rights Code)*

Ang *Human Rights Code* ng Ontario ang nag-aasikaso ng diskriminasyon sa:

- Pagtatrabaho
- Pabahay
- Mga Kontrata
- Mga serbisyo, mga paninda at mga pasilidad
- Mga unyon o mga asosasyong pantrabaho/pampropesyonal

Ano ang diskriminasyon?

Ang hindi makatarungang pagtatrato ay maaring maging diskriminasyon kung ang hindi makatarungang pagtatrato ay dahil sa isa sa mga katangian o mga kadahilanang nakalista sa ibaba.

- Lahi, kulay
- Lipi
- Lugar na pinagmulan
- Pagkamamamayan
- Etnikong pinagmulan
- Pananampalataya (relihiyon)
- Pagtanggap ng social assistance (pabahay lamang)
- Sekswal na oryentasyon
- Estado ukol sa kasal
- Estado ng pamilya
- Rekord ng mga pagkakasala (trabaho lamang, kailangang napatawad na)
- Gulang
- Kapansanan
- Kasarian (kasama na ang pagiging buntis)

Kasama sa diskriminatoryong pagtatrato ang:

pagtanggi ng benepisyo sa isang tao, hindi pagsali ng isang tao para sa isang oportunidad at/o paggigiit ng naiibang obligasyon sa isang tao dahil sa isang katangian o kadahilanan na nakalista sa itaas.

Ang diskriminasyon ay maaring mangyari kahit na ang maypatrabaho, kasera o tagapagbigay ng serbisyo ay walang intension na magdiskriminasyon. Maari rin itong maging diskriminasyon kung, halimbawa, ang isang maypatrabaho, kasera o tagapagbigay ng serbisyo ay pumalyang magbigay ng konsiderasyon sa mga ispesyal na mga pangangailangan ng isang empleyado, nangungupahan o kustomer kung saan nagkaroon ng gayong mga pangangailangan dahil sa isa sa mga katangian o mga katangian sa ibaba na nasa Code.

Mg a halimbawa:
Ikaw ay naghahanap ng isang apartment at ang kasera ay nagsabi na “hindi, kami ay hindi tumatanggap ng may mga bata dito."

Sa isang pakikipanayam para sa trabaho, sinabi ng maypatrabaho na "Hindi ka namin maaring pagtrabahuhin dito kung ikaw ay buntis o nag-iisip na magbuntis."

Sa trabaho sinabi ng iyong boss sa iyo, “Nais namin talagang itaas ang iyong ranggo, pero ayaw ng aming mga kustomer na makitungo sa mga taong may suot na “hijab” o “Kailangan ka naming paalisin dahil ang kapansanan mo ay nakakapigil sa iyo sa paggawa ng mga tungkulin na ikaw ay inupahan naming gawin."